

DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2020

1. Ang **Dangal ng Wikang Filipino** ay mataas na pagkilala sa mga indibidwal, samahan, tanggapan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa tungo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.
2. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal, samahan, tanggapan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa tungo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larang at/o disiplina.
3. Para sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taon. Para sa mga samahan, tanggapan, ahensiyang pampamahalaan, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limang (5) taon.
4. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino sa iba't ibang larang at disiplina. (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bilang pruweba).
5. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat.
6. Ang mga nominasyon ay kinakailangang maglakip ng mga sumusunod na kahingian:
 - KWF Pormularyo sa Nominasyon (maaaring i-download [dito](#))
 - Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahan at nilagdaan ng nagnomina
 - Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahan)
 - Mga pruweba sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino
5. Ang nominasyon at iba pang kahilingan ay maaaring dalhin nang personal o ipadala sa koreo sa:

Lupon sa Dangal ng Wikang Filipino 2020
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

5. Ang huling araw ng pagpapasa ng nominasyon ay sa **31 ENERO 2020, 5nh.**
6. Ang tatanghaling Dangal ng Wikang Filipino 2020 ay tatanggap ng naturang gawad sa Pammadayaw: Araw ng Gawad sa Agosto 2020.
7. Para sa iba pang detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Edukasyon at Networking sa telepono blg. (02) 736-2519, o magpadala ng email sa kwf.timpalak@gmail.com.